MGA KINATAWANG PANGKALUSUGAN AT PANGKALIGTASAN

Sa South Australia, ang grupo ng mga manggagawa ay maaaring maghalal ng kapwa manggagawa upang kumatawan sa kanila para sa mga isyung pangkalusugan, pangkaligtasan at pangkagalingan. Ang grupo ng mga manggagawa ay tinatawag na ‘grupo sa trabaho’ para sa layuning ito, at ang taong kanilang inihalal upang kumatawan sa kanila ay tinatawag na kinatawang pangkalusugan at pangkaligtasan (HSR).

Ang mga HSR ay may mga karapatang pambatas at mga gawain upang makatulong sa kanila na matupad ang kanilang tungkulin.

Ang mga HSR ay may karapatang:

- magsiyasat sa lugar ng trabaho
- mabalitaan at mag-imbistiga ng mga aksidente at mga insidenteng nakakaapekto sa kanilang grupo sa trabaho
- mag-imbistiga ng anumang mga reklamong may kaugnayan sa mga isyung pangkalusugan at pangkaligtasan na iniharap ng isang manggagawa ng grupo sa trabaho
- samahan ang isang tagapagsiyasat sa panahon ng pagsusuri sa isang lugar ng trabaho.
- makabilang sa mga panayam kaugnay ng mga pag-iimbistiga ng aksidente/insidente
- magtalakay ng mga isyung pangkalusugan at pangkaligtasan
- magkatawan sa mga miyembro ng kanilang grupo sa trabaho
- makakuha ng impormasyon tungkol sa mga peligro at panganib
- makonsulta tungkol sa mga patakaran, mga pamamaraan at mga pagbabago sa kapaligiran ng trabaho na nakakaapekto sa kanilang grupo sa trabaho.
- mag-isyu ng mga paunawang kaugnay ng kakulangan sa pagtupad na nangangailangan ng paggawa ng aksiyon upang malutas ang anumang mga panganib na pangkalusugan at pangkaligtasan
- mag-utos na itigil ang trabaho kung may kagyat na banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang manggagawa ng kanilang grupo sa trabaho
- mabigyan ng mga kagamitan, oras at tulong upang kanilang matupad ang kanilang mga tungkulin.

Hindi tungkulin ng mga HSR na:

- tiyaking nagsusuot ang mga manggagawa ng sariling kagamitang pamproteksiyon (PPE)
- lutasin ang mga problemang pangkalusugan at pangkaligtasan sa lugar ng trabaho
- magpaunlad o magpatupad ng mga patakaran o mga pamamaraan

© WorkCover Corporation of South Australia, 2004

- magbigay ng pagsasanay o mamahala sa ibang kawani.

Ang mga HSR ay inihahalal para sa tatlong (3) taong panunungkulan at may karapatang dumalo ng limang araw na pagsasanay bawa't taon sa isang aprubadong tagapagbigay ng pagsasanay na kanilang pinili.

Ang mga HSR ay walang pananagutang pambatas para sa kanilang mga pagkilos, o sa kawalan ng pagkilos sa anumang usapin sa kanilang tungkulin. Gayunpaman, kung ang isang HSR ay mapatunayang may kasalanan sa paggamit ng kanilang mga kapangyarihan o nakuhang impormasyon para sa di angkop na layunin, ang HSR ay maaaring mapatunayang nagkasala.

MGA KOMITENG PANGKALUSUGAN AT PANGKALIGTASAN

Ang mga komiteng pangkalusugan at pangkaligtasan (mga komiteng OHSW) ay nagbibigay ng paraan upang makapagpulong nang palagian ang tagapamahala at mga manggagawa at makapagtalakay ng mga isyung pangkalusugan at pangkaligtasan. Mahalaga na alam ng lahat ng mga manggagawa sa lugar ng trabaho ang tungkol sa komiteng pangkalusugan at pangkaligtasan sa trabaho at na ang komite ay nag-uulat at nagtataguyod ng kanilang ginagawang trabaho. Mahalaga din na maunawaan ng mga miyembro at ng lakas paggawa ang tungkulin ng komite.

Hinihimok ng komiteng OHSW ang mga manggagawa at tagapamahala na magtulungan upang mapaunlad at masubaybayan ang mga programang pangkalusugan at pangkaligtasan at malutas ang anumang mga isyung pangkalusugan, pangkaligtasan at pangkagalingan.

Ang tungkulin ng komite ay:

- tumulong na magpaunlad at mamahagi ng mga patakaran, mga kaugalian at mga pamamaraan na nagtataguyod ng kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho
- kumatawan bilang isang grupong tagalutas ng problema at tumulong sa pagkilala, pagtasa at pamamahala ng mga panganib sa lugar ng trabaho
- tumulong na malutas ang mga isyung pangkalusugan at pangkaligtasan sa lugar ng trabaho
- tumulong sa pagpaplano ng pagkilos, kabilang ang pagtatakda ng mga prayoridad para sa pamamahala ng mga panganib
- repasuhin ang pangangasiwa sa nasaktang mga manggagawa at sa kanilang mga programang pangrehabilitasyon
- tumulong sa pag-eempleyo ng mga manggagawang may kapansanan.

Kung ang isang tagapag-empleyo ay mayroong kahit 20 mga manggagawa lamang, o kung ang naihalal na kinatawang pangkalusugan at pangkaligtasan ay humiling na may mabuong isang komite, kung gayon ang tagapag-empleyo ay kailangang magtatag ng isang komiteng pangkalusugan at pangkaligtasan. Ang komite ay kailangang magkaroon ng pantay na pagkatawan ng tagapamahala at mga manggagawa.

MGA KINATAWAN AT KOMITENG PANGKALUSUGAN AT PANGKALIGTASAN

HEALTH & SAFETY REPRESENTATIVES AND COMMITTEES

MAHALAGANG MGA TALA:

Ang mga kinatawang pangkalusugan at pangkaligtasan ay may mga kapangyarihan at mga tungkulin na **hindi angkop sa** mga miyembro ng komite ng OHS. Ang mga HSR na pinagbantaan, pinilit at tinakot o nadisbentahe sa dahilang sila ay naihalal na HSR o dahilan sa kanilang pagtupad ng anuman sa mga nakalistang tungkulin ay maaaring magharap ng pormal na reklamo sa Mga Serbisyo sa Lugar ng Trabaho (Workplace Services).

Ang mga kinatawan ng manggagawa sa komite ng OHS ay hindi inihalal na mga kinatawang pangkaligtasan at pangkalusugan at walang katulad na mga kapangyarihan at mga tungkulin ng isang inihalal na kinatawang pangkaligtasan at pangkalusugan.

Hindi tungkulin ng komite na lutasin ang mga problemang kaugnay sa OHSW para sa partikular na grupo sa trabaho. Ito ay katungkulan ng manedyer ng grupo sa trabaho. Kung ang mga isyu ng bawa't grupo sa trabaho ay binanggit sa mga pulong, may karapatan at autoridad ang komite na isangguni ang isyu sa angkop na manedyer.

Para sa karagdgang impormasyon kumontak sa Workplace Liaison Unit sa 13 1855 o magpadala ng email sa wlo@workcover.com

Pagtatatwa

Ang impormasyong ginawa ng WorkCover Corporation ng South Australia sa paglalathalang ito ay wasto sa panahon ng paglilimbag at ibinibigay lamang bilang pangkalahatang impormasyon. Sa paggamit ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho at pamamahala sa pinsala, ang mga partikular na isyu na angkop sa iyong lugar ng trabaho ay dapat na palaging isaalang-alang. Ang paglalathalang ito ay hindi naglalayong maging kapalit ng mga pangangailangan ng Workers Rehabilitation and Compensation Act, 1986 o ng Occupational Health Safety and Welfare Act 1986.

WorkCover Corporation
100 Waymouth Street, Adelaide South Australia 5000
Pangkalahatang mga Pagtatanong: 13 18 55
Fax: (08) 8233 2211
info@workcover.com
www.workcover.com
Mga tawag saTTY: (08) 8233 2574 para sa mga taong bingi o may mga kapansanan sa pandinig/pagsasalita.
Sa mga hindi nakakapagsalita ng wikang Ingles: para sa impormasyon sa wikang maliban sa Ingles mangyari lamang na tumawag sa Interpreting and Translating Centre sa (08) 8226 1990 at humiling sa kanila na tawagan ang WorkCover. Wala kang babayaran sa paggamit ng serbisyong ito..

HSR & Committees
File name: HSR & Committees
Last updated: June 2004
The information produced by WorkCover Corporation of South Australia in this publication is correct at the time of printing and is provided as general information only.

Supported by Government of South Australia

© WorkCover Corporation of South Australia, 2004